# Mahahalagang Aral ng Doktrinang Biblikal

[Essentials of Reformed Doctrine]

**Ginawa Para Magamit Bilang Gabay sa Pagtuturo ng Salita ng Diyos**

Herman Hoeksema

[Nirebisa ang Tagalog ni: Rev. Ibe, Pastor-BPRC]

## LESSON 1 Pagkakilala sa Diyos

**1. Ano ang pinakamahalaga sa lahat ng bagay?** Ang makilala ang tunay na Diyos sa pamamagitan ni Jesu-Cristo na Kanyang isinugo. Jeremias 9:23, 24

**2. Bakit napakahalaga na makilala ang Diyos?** Sapagkat ang makilala ang Diyos sa pamamagitan ni Jesus-Cristo ay pagkakaroon ng buhay na walang hanggan. Juan 17:3

**3. Paano natin makikilala ang Diyos?** Sa pamamagitan lamang ng Kanyang sariling kapahayagan sa sangnilikha at sa Kanyang Banal na Kasulatan. Awit 19:1-3; II Tim. 3:16; Belgic Confession, Art. 2

**4. Ipinakikilala din ba ng Diyos ang Kanyang sarili sa mga makasalanan?** Oo, inihahayag ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang nilikha na Siya ay Diyos at marapat na paglingkuran, upang sa ganon ang mga makasalanan ay walang maidadahilan. Roma 1:20

**5. May mga ibang bagay pa bang inihahayag ang Diyos sa mga makasalanan?** Inihahayag din ng Diyos sa budhi ng bawat tao hinggil sa kung ano ang tama at mali. Roma 2:14, 15

**6. Ang kapahayagan bang ito ng Diyos ay mauuwi sa kaligtasan?** Hindi, sapagkat sa pamamagitan nito ang poot ng Diyos ay nahayag mula sa kalangitan laban sa lahat ng kalapastanganan at kasamaan ng mga tao. Roma 1:18

**7. Paano ipinapahayag ng Diyos ang Kanyang sarili sa Kanyang hinirang?** Sa pamamagitan ng Banal na Kasulatan, na ipinapahayag sa atin si Cristo, na Siya lamang ang kaligtasan. II Timoteo 3:16,17

**8. Sa gayon, ipinapahayag din ba ng Diyos ang Kanyang sarili sa Kanyang hinirang sa pamamagitan ng sangnilikha?** Oo, sapagkat ayon sa Kasulatan ay makikita natin na ang kalangitan ay nagpapahayag ng kaluwalhatian ng Diyos at ang kalawakan ng gawa ng Kanyang kamay.

**9. Sa papaano pang paraan ipinapahayag ng Diyos ang Kanyang sarili sa kapanahunan sa Kanyang hinirang?** Ipinapahayag ng Diyos ang Kanyang sarili sa pamamagitan ng kasaysayan.

10. **Kaya ba nating makuha itong kaalaman ng Diyos sa sarili nating pagsisikap?** Hindi, ang Banal na Espiritu lamang ang makapagbibigay sa atin ng katotohanag ito sa pamamagitan ng paggawa Niya sa ating puso. I Corinto 2:10-12 kalapastanganang ito. 5. Tingnan ang Awit 14:1. Ang talata bang ito ay nagtuturo na may mga taong ‘atheists’? Ipaliwanag ang iyong sago

## LESSON 2 Banal na Kasulatan

**1. Ano ang Biblia?** Ang Biblia ay kinasihan ng Diyos at walang maling naisulat na Salita ng Diyos. II Timoteo 3:16; II Pedro 1:19-21

**2. Paano natin nalalaman na ang Biblia ay Salita ng Diyos?** Una, mula mismo sa patotoo ng Biblia; pangalawa, mula sa patotoo ng Banal na Espiritu sa ating mga puso. I Juan 5:6

**3. Ano ang kahulugan ng kinasihan ng Diyos?** Ito'y isang gawa ng Diyos kung saan Kanyang kinilos, niliwanagan at walang maling ginabayan ang Kanyang hinirang na sulatin ang Salita ng Diyos

**4. Paano naman isinagawa ng Diyos ang pagkasi?** "Ang mga taong inudyukan ng Espiritu Santo ay nagsalita mula sa Diyos." II Ped. 1:21

**5. Anu-ano ang mga katangian ng Banal na Kasulatan?** Walang pagkakamali, may pagkaka-isa, madaling maunawaan, makapangyarihan, at sapat.

**6. Ano ang kahulugan ng walang pagkakamali ang Kasulatan?** Na ang bawat salita ng Kasulatan ay Salita ng Diyos, kaya nga, walang kamalian. II Tim. 3:16; II Ped. 1:20-21

**7. Ano ang kahulugan ng may pagkaka-isa ang Kasulatan?** Na ang lahat ng Kasulatan ay ang isang kapahayagan ng Diyos tungkol kay Jesus Cristo bilang ang Diyos ng ating kaligtasan. Juan 5:39

**8. Ano ang kahulugan ng madaling maunawaan ang Kasulatan?** Na sa pamamagitan ng pagkilos ng Banal na Espiritu, ang Kasulatan ay madaling maunawaan ng mga hinirang ng Diyos tungo sa kanilang ikaliligtas.

**9. Ano ang kahulugan ng may kapangyarihan ang Kasulatan?** Na ang Kasulatan ay siyang tanging pamantayan ng ating pananampalataya at ng ating buhay. II Tim. 3:16-17

**10. Ano ang kahulugan ng kasapatan ng Kasulatan?** Na ang Kasulatan ay ganap na nilalaman ang kalooban ng Diyos para sa ating kaligtasan. Belgic Confession, Article 7

## LESSON 3 Kalikasan at mga Pangalan ng Diyos

1. **Saan dapat natin makikilala ang Diyos?** Sa Kanyang diwa, mga pangalan, mga katangian, personalidad at mga gawa.

2. **Ano ang inihahayag ng Kasulatan tungkol sa diwa o pagiging-Diyos ng Diyos?** Na Siya ay Espiritu na may walang hanggang katangian na nasa tatlong Persona. Juan 4:24

3. **May karagdagang inihahahayag pa ba ang Kasulatan tungkol sa esensiya ng Diyos?** Oo, inihahayag ng Kasulatan na ang Diyos ay parehong '*immanent*' (malapit) at '*transcedent*' (malayo/mataas). Jer. 23:23, 24

4. **Ano ang kahulugan ng 'transcendence' ng Diyos?** Na ang Diyos ay walang hanggang nakatataas sa lahat ng Kanyang nilikha at walang sinuman o anuman na katulad Niya. I Hari 8:27

5. **Ano ang kahulugan ng 'immanence' ng Diyos?** Na ang Diyos sa Kanyang buong pagka-Diyos ay nasasalahat sa bawat bahagi ng Kanyang nilikha. Gawa 17:27, 28

6. **Pinapahayag ba ng Banal na Kasulatan na ang Diyos ay may mga pangalan?** Oo, bagama't ang Kanyang mga pangalan ay hindi tulad ng ating mga pangalan, sapagkat walang nilalang na katulad Niya. Isaias 40:25

7. **Ano ang kahalagahan ng mga pangalan ng Diyos?** Ito ang pagpapahayag ng mga ilang katangian ng Diyos sa atin. Awit 111:9

8. **Ano ang mga pinakamahalagang pangalan ng Diyos?** Ang Kanyang pangalang' Diyos at Yahweh (Jehovah, PANGINOON). Exodo 34:6

9. **Ano ang kahulugan ng Yahweh?** Na ang Diyos ay walang hanggan at di-nagbabagong Diyos ng Kanyang Tipan. Malakias 3:6

10. **Bakit binigyan ng Diyos ang Kanyang sarili ng mga pangalan?** Upang tayo'y maaring makipag-usap sa Kanya at pag-usapan Siya ng may paggalang. Awit 50:15

## LESSON 4 Mga Hindi Naibabahaging Katangian ng Diyos

1. **Ano ang mga Katangian ng Diyos?** Ito ang mga walang hanggang kasakdalan (infinite perfections) ng Kanyang banal na pagkaDiyos na nagpapahayag sa atin kung sino at kung ano ang Diyos. I Pedro 2:9

2. **Paano makikilala ang mga katangian ng Diyos?** Makikilala sila sa tawag na "communicable" (katangiang makikita rin sa iba) at "incommunicable" (katangiang tanging Diyos lamang makikita) na mga katangian.

3. **Ano ang kahulugan ng ganong uri ng pagkilala?** Yamang tayo ay nilalang ng Diyos ayon sa Kanyang wangis, ang ilan sa Kanyang katangian ay nasasalamin sa atin. Ang tawag sa mga ito'y communicable attributes (halimbawa: pag-ibig, kabanalan, at marami pang iba).

4. **Anu-ano ang mga incommunicable na katangian ng Diyos?** Ito ay Kanyang *oneness, simplicity, independency, infinity at immutability*.

5. **Ano ang kahulugan ng 'oneness' ng Diyos?** Na mayroon lamang iisang pagkaDiyos o Diyos at wala ng ibang Diyos maliban sa Kanya. Deteronomio 6:4; Awit 18:31

6. **Ano ang kahulugan ng 'simplicity' ng Diyos?** Na ang Diyos ay di-maaaring mahati at ni hindi nalikha at ang lahat ng Kanyang mga katangian ay iisa ("one") sa Kanya. Marcos 12:29

7. **Ano ang kahulugan ng 'independency' ng Diyos?** Na Siya ay Sapat sa Kanyang sarili at hindi kinakailangan ang tulong ng iba upang mabuhay. Isaias 40:13, 14; Juan 5:26

8. **Ano ang kahulugan ng 'infinity' ng Diyos?** Na ang Diyos ay Diyos na walang katapusang kasakdalan, at Siya ay walang hanggan at nasa-sa-lahat-ng-lugar. Awit 90:2; Jeremias 23:23, 24; I Timoteo 1:17

9. **Ano ang kahulugan ng 'immutability' ng Diyos?** Na ang Diyos ay hindi nagbabago sa Kanyang pagkaDiyos at sa Kanyang mga gawa at pamamaraan. Malakias 3:6

10. **Bakit ipinahayag ng Diyos ang Kanyang mga incommunicable na katangian sa atin?** Upang malaman natin na Siya lamang ang kataas-taasan at Siya lamang ang nararapat na pag-ukulan ng pinakamataas na papuri. Jeremias 10:6, 7

## LESSON 5 Mga Naibabahaging Katangian ng Diyos

1. **Paano ang pagkakapangkat-pangkat ng mga naibabahaging katangian ng Diyos**? Ang mga ito ay nabibilang, una, sa Kaalaman (knowledge) ng Diyos, ang ikalawa ay ukol sa Kalooban ng Diyos, at ang ikatlo'y ukol sa Kapangyarihan ng Diyos.

2. **Anu-ano ang mga katangian na nabibilang sa Kaalaman ng Diyos**? Ang Kanyang omniscience, na kung saan ang Diyos ay may taglay na ganap at tuloy-tuloy na pagkaalam ng lahat ng bagay; at ang Kanyang Karunungan ("wisdom").

3. **Anu-ano ang mga katangian na nabibilang sa Kanyang Kalooban**? Ang Kanyang kabutihan, kabanalan, katotohanan, at katuwiran.

4. **Anu-ano ang mga katangian ang nabibilang sa Kanyang Kabutihan**? Ang Kanyang pag-ibig, biyaya, habag, at pagtitiyaga (Gal. 5:22).

5. **Sino ang minamahal ng Diyos**? Mahal ng Diyos ang Kanyang sarili bilang pinakamataas na kabutihan at ang lahat ng Kanyang nilalang alang-alang sa Kanyang Sariling Karangalan (Pangalan). I Juan 4:8

6. **Kung gayon, paano mamahalin ng Diyos ang sinumpang makasalanan**? Hindi Niya magagawa, sapagkat itinuturo ng Biblia na ang sumpa ng Diyos ay nasa bahay ng masama. Kawikaan 3:33

7. **Kung gayon, paano mamahalin ng Diyos ang Kanyang mga hinirang na makasalanan din naman**? Sila'y minamahal ng Diyos hindi bilang makasalanan, kundi bilang mga hinirang kay Cristo at pinawalang-sala't inaring ganap sa pamamagitan Niya. Efeso 1:4

8. **Ano ang kahulugan ng Biyaya ng Diyos?** Ito ang pagkakaloob ng Diyos ng pabor na di nararapat ibigay sa Kanyang mga hinirang kay Cristo at ang kapangyarihan na kung saan sila'y iniligtas Niya. Roma 11:6

9. **Ano ang kahulugan ng Habag ng Diyos?** Ito ang pagkakaloob ng Awa ng Diyos sa Kanyang mga hinirang sa kanilang kapighatian at ang Kanyang Kapangyarihan na ihango sila mula dito. Malakias 3:6

10. **Ano ang kahulugan ng Kapangyarihan ng Diyos**? Ito ang Kanyang di-mapapantayang kapangyarihan (omnipotence), kung saan Kanyang kayang gawin ang lahat Niyang ninais na gawin alinsunod sa Kanyang panukala. Genesis 17:1; 18:14; Luke 1:37

## LESSON 6 Ang Banal na Trinidad

1. **Ano ang kahulugan ng katotohanan ng Trinity**? Na ang Diyos ay iisa sa Kanyang kalikasan at tatlo ayon sa Persona. I Juan 5:7

2. **Paanong ang Diyos ay iisa sa Kanyang kalikasan at tatlo naman ang Persona?** Ito ang tatlong magkakaibang persona, ang bawat Persona ay inihahayag ang Kani-kaniyang katangian sa iisang Pagka-Diyos.

3. **Sinu-sino ang mga tatlong Personang ito**? Ang Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos Espiritu Santo. Mateo 28:19

4. **Saan sa Banal na Kasulatan makikita ang katuruang may tatlong Persona?** Maraming talata sa Biblia ang nagpapakita na may higit sa isang persona sa Pagka-Diyos, tulad ng Genesis 1:26; 3:22; 19:24; Awit 110:1. Ang Tatlong Persona ay malimit na binanggit naman sa Bagong Tipan, halimbawa dito ay ang "Baptism Formula" (Mateo 28:19) at sa basbas ng apostol (II Corinto 13:14).

5. **Itinuturo din ba ng Banal na Kasulatan na ang tatlong Personang ito ay iisang Diyos?** Oo, buong Kasulatan ay nagpapatotoo na ang Diyos ay iisa, at meron mga talatang direktang sinasaad ito, tulad ng Deuteronomio 6:4; I Juan 5:7.

6. **Bakit ang mga Personang ito ay tinatawag na Ama, Anak, at Espiritu Santo?** Sapagkat nakapaloob sa mga Pangalang ito ang Kani-kaniyang sariling mga katangian na taglay ng bawat isa.

7. **Ano ang Kani-kaniyang naiibang katangian ng bawat isang Persona?** Ang Ama ang Siyang pinagmumulan ng buhay ng Anak; ang Anak naman ay nagmumula sa Ama; ang Espiritu Santo ay nagbubuhat sa Ama at sa Anak. Juan 14:26; 15:26; Galacia 4:6; Juan 1:14; Awit 2:7

8. **Ano ang kahalagahan ng doktrinang ito ng Trinity?** Na ang Diyos na Trinidad ay may perpektong tipan ng pagkakaisa sa Kanyang sarili at Siya ay nagtatag ng tipan ng buhay sa atin. Genesis 17:1, 7

9. **Bawat isang Persona ba ay may Kani-kaniyang gawa sa paglikha at pagliligtas?** Hindi, ang Diyos na Trinidad ang Siyang lumilikha, tumutubos, at nagpapabanal. Jonas 2:9.

## LESSON 7 Gawa ng Diyos sa Walang Hanggan

1. **Paano nahahati ang mga ginawa ng Diyos na Kanyang ginawa sa labas ng Kanyang Sarili**? Sa pagitan ng Kanyang mga gawa na Kanyang isinasagawa sa panahon at sa Kanyang mga gawa sa walang hanngan. Gawa 15:18

2. **Ano ang Kanyang mga gawa sa eternity**? Ang Kanyang mga walang hanggang pag-aakda (eternal decrees). Efeso 1:3, 4

3. **Anu-ano ang mga Itinakda ng Diyos**? Ang Kanyang eternal na panukala, na kung saan nakabatay ang lahat ng Kanyang mga gawa. Efeso 1:11

4. **Ang Banal na Kasulatan ba ay gumamit ng ibang mga salita na tumutukoy sa mga Itinakda ng Diyos**? Mayroon, Kanyang panukala, Kalooban, Pakay, at Mabuting Layunin. Efeso 1:9, 11

5. **Anu-anong katangian ang binabanggit ng Biblia hinggil sa Panukala ng Diyos?** Itinuturo ng Biblia na ang Panukala ng Diyos ay eternal, malayang-malaya, hindi nakadepende sa anuman, hindi nagbabago, mabisa, 'sakop ang lahat ng bagay', may karunungan at mabuti. Roma 11:33-36; Hebreo 6:17

6. **Ano ang kahulugan ng ang Panukala ng Diyos ay eternal**? Na itinakda ng Diyos ang lahat ng bagay ayon sa Kanyang Panukala bago pa magsimula ang sanlibutan. Awit 33:11; Isaias 46:10

7. **Ano ang kahulugan ng ang Panukala ng Diyos na ang lahat ng bagay ay sakop nito?** Na sa Panukala ng Diyos ay Kanya ng itinalaga ang lahat ng bagay na mangyayari. Gawa 15:18; I Samuel 23:11, 12

8. **Ano ang Panukalang 'Predestination'**? Ito ang walang hanggang Panukala ng Diyos na may kinalaman sa walang hanggang kalalagyan ng Kanyang mga "rational" na nilalang, ito nga ang 'election' at 'reprobation'. Roma 9:11-13

9. **Ano ang Panukalang 'Election'?** Ito ang walang-hanggang, soberanon, at mabiyayang-mabuting layunin ng Diyos na iligtas tungo sa walang hanggang kaluwalhatian ang ilang tao sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo. Efeso 1:5, 6; II Tesalonica 2:13; Roma 8:29

10. **Ano ang Panukalang 'Reprobation'**? Ito ang walang hanggang, soberano, at makatuwirang mabuting layunin ng Diyos na sumpain ang iba sa walang hanggang kaparusahan dahil sa kanilang mga kasalanan. I Pedro 2:8; Roma 9:17, 18; Kawikaan 16:4.

## LESSON 8 Gawa ng Diyos sa Panahon [Paglikha] (God's Work in Time [Creation])

1. **Ano ang unang ginawa ng Diyos sa kapanahunan?** Ang paglikha ng langit at ng lupa. Genesis 1:1

2. **Ano ang kahulugan ng paglikha**? Ang paglikha ay ang gawa ng Diyos kung saan sa pamamagitan ng Kanyang makapangyarihang Salita ay tinawag mula sa kawalan ang mga bagay na wala pa nang una na parang nanduon na. Hebreo 11:3; Jeremias 10:12; Juan 1:1-3; Awit 33:6

3. **Ano ang nilikha ng Diyos?** Lahat ng mga bagay: ang langit, ang kalawakan, ang lupa, at lahat ng nilalang sa langit at sa lupa.  Genesis 1

4. **Gaano katagal nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay?** Sa loob ng anim na araw; araw na binubuo ng gabi at umaga. Efeso 1:9, 11

5. **Ano ang nilikha ng Diyos sa unang tatlong araw?** Ang liwanag, ang kalawakan, ang mga dagat, ang tuyong lupa, at ang buong halamanan pati na ang mga punong-kahoy. Genesis 1:1-13

6. **Ano ang nilikha ng Diyos sa huling tatlong araw?** Ang mga tanglaw sa kalawakan, mga isda at mga ibon, mga hayop at ang tao. Genesis 1:14-31

7. **Ano ang kahulugan ng ang Diyos ay nagpahinga sa ika-pitong araw?** Una, na Siya'y tumigil na sa paglikha; at pangalawa, na Siya'y nagalak sa lahat ng Kanyang mga nilikha. Genesis 2:1-3

8. **Ano ang kahulugan ng nakita ng Diyos ang lahat ng Kanyang nilikha at ito ay napakabuti?** Na ang Kanyang sangnilikha ay ganap na umaayon sa Kanyang layunin, na kung saan ang lahat ay Kanya ngang nilikha para sa layuning ito. Apocalipsis 4:11(kjv)

9. **Ano ang layunin ng Diyos sa paglikha?** Ang kaluwalhatian ng Kanyang pangalan sa pamamagitan ng kapahayagan ng Kanyang mga kahanga-hangang kapurian. Kawikaan 16:4; Awit 8:1; Apocalipsis 4:11(kjv)

10. **Paano natin mauunawaan ang gawang paglikhang ito ng Diyos?** Sa pamamagitan ng pananampalataya, sapagkat: "sa pananampalataya ay nauunawaan natin na ang mga sanlibutan ay nilikha sa pamamagitan ng salita ng Diyos, anupa't ang mga bagay na nakikita ay nagmula sa mga bagay ba hindi nakikita. Hebreo 11:3

## LESSON 9 Ang Probidensya ng Diyos (God's Providence)

1. **Ang sangnilikha (creation) ba'y nagpapatuloy dahil sa kanyang sariling kakayahan?** Hindi kailanman, sapagkat ang lahat ng mga bagay ay nagpapatuloy lamang sa pamamagitan ng pamamahala at pangangalaga (providence) ng Diyos. Juan 5:17; Gawa 17:28

2. **Ano ang kahulugan ng Probidensya ng Diyos?** Ang pinakamalakas at nasasalahat ng dakong kapangyarihan ng Diyos kung saan Kanyang pinangangalagaan at pinangangasiwaan ang lahat ng mga bagay ayon sa Kanyang Sariling panukala. Hebreo 1:3

3. **Ano ang kasama sa Pangangalaga ng Diyos?** Ang lahat ng mga bagay, dakila man o maliit, mabuti man o masama; lahat ng mga bagay sa langit, sa lupa, at sa impiyerno; lahat ng mga gawa ng mga tao at mga anghel. Mateo 10:20, 29; Awit 103:19; Kawikaan 21:1; 16:1, 9

4. **Anong pagkakaiba ang maaaring makita sa katotohanan ng Probidensya ng Diyos**? Pangangalaga/pagpapanatili (preservation) at pangangasiwa (government).

5. **Ano ang kahulugan ng Pagpapanatili (preservation)?** Ito'y gawa ng Diyos kung saan patuloy Niyang pinanatili ang lahat ng mga nilalang na Kanyang nilikha. Daniel 4:34, 35; Gawa 17:25-28

6. **Ano ang kahulugan ng Pangangasiwa (government) ng Diyos?** Ito'y gawa ng Diyos kung saan ay pinangangasiwaan Niya ang lahat ng mga bagay upang ang result nito ay ayon sa layuning itinakda para dito. Gawa 15:18

7. **Kung ang Diyos ang nangangasiwa sa mga gawa ng tao, nangangahulugan bang sila'y tila mga nilalang na sunod-sunuran lamang sa Kanyang mga kamay?** Hindi, ang tao ay nananatiling may pag-iisip, nagpapasiya, aktibo at responsable sa lahat ng kanyang mga gawa. Gawa 2:23, Filipos 2:12-13

8. **Ano ang kabutihang idinudulot sa mga mananampalataya ng katotohan ng Probidensya ng Diyos?** Na ang lahat ng mga bagay na dumarating o nangyayari sa atin ay buhat sa Kamay ng ating Diyos Ama sa Langit at Kanyang ginagawa ang lahat ng mga ito para sa ating kaligtasan. Amos 9:8, 9; Roma 8:28.

## LESSON 10 Ang Tao sa Katayuan ng Orihinal na Katuwiran (Man in the State of Original Righteousness)

1. **Ano ang itinuturo ng Biblia tungkol sa pagkalikha ng tao?** a. Na nilalang ng Diyos si Adan mula sa alabok ng lupa, at hiningahan ang mga butas ng kanyang ilong ng hininga ng buhay. b. Na nilalang siya ng Diyos na katawan at kaluluwa. c. Na nilalang siya ng Diyos ayon sa Kanyang larawan (wangis).

2. **Ano ang kahulugan ng larawan (wangis) ng Diyos sa tao?** Na ang ilang mga katangian ("perfections"/virtues) ng Diyos ay masasalamin sa likas ng tao, upang sa gayong paraan ay masasalamin din ang Diyos sa tao bilang Kanyang nilalang. Genesis 1:26-27

3. **Ano ang mga elementong kabilang sa larawan ng Diyos sa tao?** Tunay na kaalaman hinggil sa Diyos, katuwiran, at kabanalan. Col. 3:10; Efes. 4:24

4. **Mapapatunayan mo ba mula sa Biblia na ang mga elementong ito'y kabilang sa larawan ng Diyos sa tao?** Oo, itinuturo sa Efeso 4:23, 24 na "...at magbago sa espiritu ng pag-iisip, at kayo'y magbihis ng bagong pagkatao, na nilalang ayon sa wangis ng Diyos, sa katuwiran at kabanalan ng katotohanan."

5. **Ano ang kaugnayan/relasyon ni Adan sa Diyos?** Si Adan ay nabuhay na nakaugnay sa Tipan ng Diyos kung saan siya ay kaibigang-lingkod (friend-servant) ng Diyos. Hosea 6:7

6. **Ano ang kahulugan nito?** Na si Adan ay parehong kaibigan at lingkod ng Diyos sa Kanyang sangnilikha.

7. **Ano ang kaugnayan/relasyon ni Adan sa sangnilikha?** Binigyan si Adan ng kapamahalaan sa lahat ng nilalang sa lupa bilang kanilang hari. Gen. 1:28

8. **Ano ang kaugnayan/relasyon ni Adan sa sangkatauhan?** Si Adan ang kanilang unang ama at punong kumakatawan sa kanila. I Corinto 15:21

9. **Si Adan ba ay may malayang-kalooban** (free-will)? Oo, si Adan ay nilalang na mabuti, upang ganap na mapaglingkuran niya ang Diyos; ngunit maaari din niyang gawin, sa pamamagitan ng kanyang malayang pagpapasiya sa sarili, na tumalikod at magkasala sa Diyos. Eclesiastes 7:29

## LESSON 11 Ang Pagkahulog ng Tao (The Fall of Man)

1. **Nanatili ba ang tao na kaibigang-lingkod (friend-servant) ng Diyos**? Hindi, nilabag niya ang Tipan ng Diyos nang kainin niya ang pinagbawal na bunga ng punong-kahoy. Genesis 2:17; Deuteronomio 4:23

2. **Ang kasalanang bang ito'y lubhang napakabigat**? Oo, sapagkat: a. Ito'y paglabag sa Kautusan ng Diyos. Genesis 3:11 b. Sa kanyang paglabag, pinili ni Adan si Satanas laban sa Diyos. Genesis 3:14 c. Si Adan ay nagkasala bilang puno at unang ama ng buong sangkatauhan. I Corinto 15:21, 22

3. **Ano ang kaparusahan para sa kasalanan**? Kamatayan: "*sapagkat sa araw na ikaw ay kumain niyon ay tiyak na mamamatay ka*." Genesis 2:17; Romans 6:23

4. **Namatay ba kaagad si Adan tulad ng sinabi ng Diyos?** Oo, Si Adan ay nahiwalay sa Diyos at inalis sa presensya ng Diyos sa hardin, at naging patay ang katutubong-kalikasan sa kasalanan at nasa ilalim ng poot ng Diyos. Efeso 2:1; Roma 5:12

5. **Tayo rin ba, ayon sa kalikasan ng ating pagkatao ay nasa ilalim ng kaparusahan ng kasalanan ni Adan?** Oo, sapagkat tayo rin ay ipinanganak na patay sa kasamaan at kasalanan. Roma 5:12; Jeremias 17:9; I Corinto 15:21, 22.

6. **Ano ang 'Orihinal na Kasalanan'?** Ang Orihinal na Kasalanan ay ang paglagak/pagbilang ng kasalanan ni Adan sa buong lahi ng sangkatauhan. Roma 5:12

7. **Ano ang Orihinal na Kasamaan o Karumihan**? Ito ang kasamaan o karumihan ng likas na pagkatao ni Adan na naipasa sa buong lahi ng sangkatauhan. Genesis 2:17; Job 15:14; Awit 51:5

8. **Ang tao ba ay may kakayahang gumawa ng anumang mabuti?** Wala, ang kanyang likas na pagkatao ay naka-ayon sa lahat ng kasamaan, at lahat ng kanyang mga gawa ay marumi/masama at may bahid palagi ng kasalanan. Awit 51:5

9. **Paano ipinahayag ng Diyos ang Kanyang biyaya matapos mahulog si Adan sa kasalanan**? Kanyang ipinagako si Cristo na mula sa binhi ng babae na dudurog sa ulo ng ahas. Genesis 3:15

## LESSON 12 Ang Tagapamagitan at ang Kanyang mga Pangalan (The Mediator and His Names)

1. **Paano inililigtas ng Diyos ang Kanyang mga hinirang?** Inililigtas ng Diyos ang Kanyang mga anak sa pamamagitan ng tunay na pananampalataya sa Tagapamagitan ng Tipan ng Biyaya, ang ating Panginoong Jesu-Cristo. Hebreo 8:6

2. **Hindi ba kayang iligtas ng Kanyang hinirang ang kanilang mga sarili?** Hinding-hindi, sapagkat hindi kailanman nila mabibigyan ng kaganapan ang katarungan ng Diyos at hindi nila kayang tubusin ang sarili nilang kasalanan. Roma 4:5

3. **Dapat ba talagang bigyan ng kaganapan ang Kanyang katarungan**? Dapat lamang, sapagkat hindi maaring ikaila ng Diyos ang Kanyang sarili, samakatuwid, tatanggapin lamang tayo ng Diyos sa Kanyang tipan ng buhay kung ang Kanyang katarungan ay mabibigyan ng kaganapan. Isaias 53:11

4. **Ngunit bakit hindi kayang bigyan ng makasalanang tao ng kaganapan ang katarungan ng Diyos?** Sapagkat ang tao ay patay sa kasalanan at patuloy na nadadagdagan lamang ang kanyang kasalanan sa araw-araw. Roma 6:23

5. **Sino ang nagbigay sa atin ng Tagapamagitan?** Siya ay mula sa Diyos, itinalaga Niya at Siyang ibinigay sa atin. I Corinto 1:30. Kaya nga, Siya ay tinawag ding Kordero ng Diyos.

6. **Anu-ano ang mga pangunahing pangalan ng Tagapamagitan**? Ang mga pangalang Jesus, Cristo, at Panginoon. Gawa 2:36

7. **Nagbigay ba ang Biblia ng iba pang mga pangalan ng Tagapamagitan**? Oo, maraming pangalan ang tinawag sa Kanya, tulad ng: Anak ng Diyos, Anak ng Tao, Immanuel, Kordero ng Diyos, Leon ng angkan ni Judah, Anak ni David. Mateo 27:43

8. **Bakit ang Tagapamagitan ay tinawag na Jesus**? Sapagkat iniligtas Niya tayo mula sa kapangyarihan ng kasalanan at kamatayan at ginawa Niya tayong kabahagi ng walang hanggang kaluwalhatian. Gawa 4:12

9. **Ano naman ang nais ipakahulugan ng pangalang Cristo?** Ang kahulugan ng pangalang Cristo ay ‘pinahiran ng langis ng Diyos’: na Siya ang itinalaga ng Diyos Ama at ginawang angkop na angkop ng Espiritu Santo upang ating maging Tagapamagitan. Juan 1:41

10. **Bakit Siya ay tinawag na Panginoon?** Sapagkat tinubos at iniligtas Niya tayo mula sa kapangyarihan ng diyablo at ginawa Niya tayong Kanyang pag-aari. I Corinto 6:19-20

## LESSON 13 Ang mga Kalikasan ng Tagapamagitan (The Natures of the Mediator)

1. **Ilang kalikasan mayroon si Cristo?** Dalawa, si Cristo ay may kalikasang pagka-Diyos at kalikasang pagka-tao. Roma 1:3,4 9:5

2. **Paanong ang dalawang kalikasang ito ay napagsama**? Napagsama ang mga ito sa isang Persona ng Anak ng Diyos. Marcos 15:39

3. **Kung magkaganon, si Cristo ba ay tunay at walang hanggang Diyos?** Oo, sapagkat ang Salita ay Diyos at nagkatawang tao. Juan 1:1, 14; I Juan 5:20; I Timoteo 3:16

4. **Bakit kinakailangang si Cristo ay tunay na Diyos?** Sapagkat Siya lamang na tunay na Diyos ang maaaring makakapasan ng bigat ng ating mga kasalanan at iligtas tayo mula sa mga ito. Galacia 1:3, 4

5. **Si Cristo ba ay tunay ring tao**? Oo, sapagkat isinugo ng Diyos ang Kanyang Anak sa anyo ng makasalanang tao. Roma 8:3

6. **Ano ang patunay na si Cristo ay talagang nagkaroon ng kalikasang pagka-tao?** Si Cristo ay may tunay na katawan ng tao, Lucas 24:39, at may tunay na kaluluwa ng tao, Mateo 26:38. Siya ay nagutom at nauhaw at nakadama ng kalungkutan at kagalakan. Juan 19:28; Juan 11:35

7. **Ano pa ang masasabi mo sa Kalikasang pagka-tao ni Cristo?** a. Na ito ay kumpletong kalikasang pagka-tao. Hebreo 2:14-17 b. Na ito ay mahina at pinababang kalikasang pagka-tao. Hebreo 4:15 c. Na ito ay kalikasang pagka-tao na walang kasalanan, banal at hindi marumi. Hebreo 7:26ff.

8. **Paano si Cristo naging tao?** Nakuha ni Cristo ang kalikasang pagka-tao sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo at mula kay birheng Maria. Lucas 1:35

9. **Bakit kinakailangang si Cristo ay maging tunay na tao?** Sapagkat ang tao lamang ang maaaring magdusa sa mga kasalanang nagawa ng tao. Exodo 21:23

10. **Ano ang masasabi mo sa pagsasama ng dalawang kalikasan kay Cristo?** Ang dalawang kalikasan ni Cristo ay umiiral ng may pagkakaisa sa isang Persona nang walang paghati-hati, pagbagu-bago, paghalu-halo, o paghihiwa-hiwalay. Juan 7:26ff.

## LESSON 14 Ang mga Katungkulan ng Tagapamagitan (The Offices of the Mediator)

1. **Sa anong gawain si Cristo ay itinalaga o pinahiran ng langis**? Sa tatlong gawain ng pagka Propeta, Pari at Hari. Isaias 61:1

2. **Ano ang gawain ni Cristo bilang ating Propeta**? Ipinapahayag Niya sa atin ang buong panukala ng Diyos na may kinalalaman sa ating kaligtasan. Mateo 11:25-27

3. **Si Cristo ba ay atin ng Propeta habang Siya'y nasa lupa?** Oo, sa Kanyang sariling Persona at sa Kanyang sariling mga gawa ay ipinahayag Niya ang layunin ng Diyos sa kaligtasan. Juan 15:15

4. **Ano ang gawain ni Cristo bilang ating Propeta sa langit?** Patuloy Niya tayong tinuturuan sa pamamagitan ng Kanyang Salita at Espiritu. Juan 14:26

5. **Ano ang gawain ni Cristo bilang ating Pari habang Siya'y nasa lupa?** Inialay Niya ang Kanyang sarili sa krus para sa kapatawaran ng kasalanan ng Kanyang mga hinirang. Hebreo 9:14, 28

6. **Ano ang kapangyarihan at halaga ng Kanyang sakripisyo?** Iyon ay sakripisyong humalili sa atin, kung saan Kanyang binayaran ang lahat ng mga kasalanan ng Kanyang hinirang at tiniyak ang ating kaligtasan. Heb. 10:14; Ef. 5:2

7. **Ano naman ang gawain ni Cristo bilang ating Pari sa langit?** Siya'y namamagitan para sa atin sa Ama, at pinagpapala ng bawat espirituwal na pagpapala. Heb. 2:17

8. **Ano ang gawain ni Cristo bilang ating Hari habang Siya'y nasa lupa?** Winasak Niya ang lahat ng kapangyarihan ng diyablo at impiyerno, ng kasalanan at kamatayan, sa pamamagitan ng Kanyang perpektong ginawa sa krus. Colosas 2:15

9. **Ano naman ang ginagawa Niya ngayon bilang ating Hari?** Pinamamahalaan ni Cristo ang Kanyang Iglesya sa pamamagitan ng Kanyang Salita at Espiritu. Efeso 1:22, 23

10. **Mayroon pa ba Siyang ginagawang dagdag pa rito?** Oo, pinangangalagaan Niya ang Kanyang Iglesya laban sa mga salakay ng mga kapangyarihan ng kadiliman at dinadala ang Kanyang Kaharian tungo sa ganap na kaluwalhatian.

## LESSON 15 Ang Katayuan ng Pagkahamak (The State of Humiliation)

1**. Ilang katayuan ng Tagapamagitan ang pwede nating masabi?** Dalawa: Ang katayuan ng kababaan at katayuan ng karangalan. (State of humiliation and State of exaltation)

2. **Anong talata sa Biblia ang malinaw na nagsasaad ng dalawang katayuang ito?** Filipos 2:7-9. *Itinuturo dito na si Cristo'y binigyan ng mataas na karangalan sapagkat siya'y nagpakababa hanggang sa kamatayan sa krus*.

3. **Ano ang katayuan ng kababaan?** Ito'y katayuan na kung saan ay nagpakababa si Cristo sa Kanyang sarili sa ating laman (katawan) maging hanggang kamatayan upang matamo ang kaligtasan para sa atin.

4. **Ilang baitang mayroon sa Kanyang pagpapakababa?** Lima: 1) Ang Kanyang hamak na kapanganakan, 2) Ang Kanyang pagdurusa, 3) Ang Kanyang kamatayan, 4) Ang Kanyang libing, 5) At ang Kanyang pagbaba sa impiyerno

5. **Paano nangyari na ang kapanganakan ni Cristo ay bahagi ng Kanyang pagpapakababa**? Siya'y ipinanganak sa karukhaan at hindi tinanggap ng mga tao. Isaias 53:2,3

6. **Paano pa, na ang Kanyang pagkakatawang-tao ay isang pagpapakababa?** Bagama't Siya'y nanatiling Diyos, si Cristo'y naparito sa anyo ng makasalanang laman. Juan 17:5; Roma 8:3

7. **Ang Anak ba ng Diyos ay nagdusa?** Ang persona ng Anak ng Diyos ay nagdusa sa Kanyang kalikasang-tao, sa katawan at sa kaluluwa. I Pedro 2:24; Mateo 26:37, 38

8. **Bakit kinakailangang si Cristo ay magdusa**? Kailangan Niyang bigyan ng kaganapan ang katarungan ng Diyos at tubusin (tayo) sa ating mga kasalanan. Roma 5:8-11

9. **Paano nagdusa si Cristo?** Siya'y nagdusa sa kamay ng mga masasama, ngunit, higit pa rito ay pinagdusaan Niya ang bigat ng poot ng Diyos. Mateo 20:28; Roma 5:6; Isaias 53:4, 5

10. **Para kanino ang pagdurusa ni Cristo?** Nagdusa Siya para sa mga hinirang na ibinigay sa Kanya ng Ama. Juan 6:39; Juan 10:15; Mateo 1:21

## LESSON 16 Ang Katayuan ng Pagkahamak [Pagpapatuloy] (The State of Humiliation [continued])

1. **Ano ang pangatlong hakbang sa pagpapakababa ni Cristo?** Ang kamatayan ni Cristo sa krus. Lucas 23:46

2. **Anong uri ng kamatayan ang ikinamatay ni Cristo?** Ang kamatayan sa krus na itinuturing na isang sumpang kamatayan. Deut. 21:23

3. **Bakit kinailangan pang mamatay si Cristo ng isang isinumpang kamatayan?** Kailangan Niyang mabata ang sumpa ng Diyos na sumaatin dahil sa ating mga kasalanan. Galacia 3:13

4. **Ang kamatayan ba ni Jesu-Cristo ay katulad ng kamatayan natin?** Hindi. Ibinigay ni Cristo ang Kanyang sarili sa kamatayan bilang pagsunod sa Ama.

5. **Bakit ang kamatayan ni Cristo ay kailangang magmula sa Kanyang sariling gawa?** Tanging sa paraan lamang ng pagsunod ni Cristo sa Ama, maisasakatuparan ni Cristo ang kaligtasan para sa Kanyang mga hinirang.

6. **Bakit naman inilibing si Cristo?** Pinasok Niya ang ating libingan upang ipakita na napagtagumpayan na Niya ang kapangyarihan ng kamatayan at winasak ang kabulukan ng libingan para sa atin. Awit 16:9, 10

7. **Kung ganon, bakit kinakailangan pang mamatay ang mga mananampalataya**? Ang kamatayan ng mga mananampalataya ay daan papasok lamang sa buhay at kaluwalhatian. II Corinto 5:1

8. **Bakit naman ang mga katawan ng mga mananampalataya ay kailangan mamalagi sa libingan sa kaukulang panahon?** Ang kaligtasan at kaluwalhatian ay hindi pa maaring maging ganap hanggat hindi pa muling bumabalik si Cristo at ang paglalang ng bagong langit at lupa.

9. **Si Cristo ba ay bumaba mismo sa impiyerno?** Hindi. Natiis Niya ang parusa ng impiyerno sa lahat ng panahon ng Kanyang pagdurusa, ngunit lalu’t higit sa krus.

## LESSON 17 Ang Katayuan ng Pagpaparangal (The State of Exaltation)

1. **Ano ang kahulugan ng katayuang pagpaparangal/pagtataas?** Ito ang katayuan na kung saan si Cristo sa ating laman (katawan) ay pinarangalan ng pinakamataas na kaluwalhatian sa kalangitan. Roma 5:10

2. **Ilan ang baitang maarin nating makikita sa katayuang pagpaparangal na ito?** Apat: ang Pagkabuhay muli, ang Pag-akyat sa langit, ang Pagluklok sa kanang kamay ng Diyos, at ang muling Pagbabalik para sa paghatol.

3. **Si Cristo ba'y nabuhay muli taglay ang parehong katawan nung Siya ay ilibing**? Oo, ngunit ito'y binago sa kaluwalhatian at makalangit na katawan.

4. **Kaninong kapangyarihan ang ginamit sa pagbangon ni Cristo?** Sa Sarili Niyang kapangyarihan bilang walang hanggang Anak ng Diyos, ngunit Siya'y binuhay ding muli ng Ama. Juan 2:19, Roma 8:11

5. **Ano ang kahalagahan ng Pagkabuhay na muli ni Cristo?** Ito'y (1)katibayan na tayo'y inaring-ganap na matuwid, (2)kapangyarihan ng ating espirituwal na pagkabuhay mula sa mga patay, at (3) at garantiya ng ating kaluwalhatian sa hinaharap. Roma 4:25; 6:4, 5; I Tesalonica 4:14

6. **Paano umakyat si Cristo sa langit?** Umakyat Siya sa paningin ng Kanyang mga alagad na nasa anyong katawan at sa isang lugar. Gawa 1:9; Lucas 24:51

7. **Ano ang kahulugan na si Cristo ay nakaluklok sa kanang kamay ng Diyos?** Sa kalangitan, Siya ay pinarangalan ng pinakamataas na kaluwalahatian at kapangyarihan at binigyan ng pangalan na pikamataas sa lahat ng mga pangalan. Hebreo 1:3; Efeso 1:20-22

8. **Ano ang ginagawa ni Cristo sa kalangitan?** Siya'y naghahanda ng lugar para sa lahat ng Kanyang mga hinirang, namamagitan para sa kanila, at mula sa kalangitan ay pinagpapapala sila ng lahat ng pagpapala ng kaligtasan. Efeso 1:3; Juan 14:2; I Corinto 15:24-28

9. **Ano pa ang ginagawa ni Cristo sa kalangitan?** Siya'y namamalakad sa lahat, upang sa muling pagbalik Niya ay itatatag Niya magpakailanman ang kaharian ng Diyos. I Corinto 15: 24-28.

10. **Kailan muling babalik si Cristo?** Kapag ang lahat ay naganap na ayon sa panukala ng Diyos.

## LESSON 18 Ang Tipan ng Biyaya (The Covenant of Grace)

1. **Paano iniligtas ng Diyos ang Kanyang mga hinirang?** Sa pamamagitan ng buhay na pananampalaya sa Tagapamagitan ng Tipan, ang ating Panginoong Jesu-Cristo.

2. **Ano ang bunga ng ginawa ni Cristo?** Na pinangangalagaan, pinatatag, at ginagawang ganap ng Diyos ang Tipan sa pamamagitan Niya. Jeremias 31:33

3. **Ano ang Tipan**? Ito ay isang buhay na relasyon ng pakikipagkaibigan ayon sa biyaya sa pagitan ng Diyos at ng Kanyang mga hinirang kay Cristo, kung saan Siya ang kanilang Diyos at sila naman ang Kanyang bayan. Genesis 17:7; Awit 16:5; 33:22

4. **Mayroon ilang Tipan**? Mayroon lamang iisang Tipan sa parehong Matanda at Bagong Tipan, na itinatag para sa mga hinirang sa lahat ng kapanahunan.

5. **Hindi ba't si Adan ay tumayo rin sa relasyong ito ng Tipan sa Diyos?** Oo, ngunit sinuway niya ang Tipan sa pamamagitan ng kanyang kasalanan, kung kaya't ang Tipan ay kinakailangang maitatag muli sa pamamagitan ni Cristo.

6. **Paano itinatatag ng Diyos ang Kanyang Tipan?** Itinatatag Niya ang Kanyang Tipan sa pamamagitan ng Kanyang Sariling gawa ayon sa biyaya kung saan isinasama Niya ang Kanyang mga hinirang sa Kanyang sariling Tipan ng pakikisama (covenant of fellowship). Efeso 2:8

7. **Ang Diyos ba ay nakipagtipan sa lahat ng tao?** Hindi, Siya'y nakikipagtipan lamang sa Kanyang mga hinirang sa lahi ng nagpapatuloy na henerasyon. Galacia 3:16, 29

8. **Ano ang ginagawa ng Diyos para sa Kanyang hinirang sa ilalim ng Tipan**? Itinatatag Niya sila bilang Kanyang bayan, at ginagawa silang kabahagi ng lahat ng pagpapala na nakay Cristo, at inaakay sila patungo sa walang hanggang kaluwalhatian. Efeso 1:23

9. **Sa pamamagitan nino, na tayo ay ginawang kabahagi ng Diyos sa lahat ng pagpapala na nakay Cristo?** Sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na nananahan kay Cristo bilang Ulo ng Iglesya at sa Kanyang mga hinirang bilang mga bahagi ng Kanyang katawan. Efeso 1:23

## LESSON 19 Muling Kapanganakan (Regeneration)

1. **Anu-ano ang pagkakasunod-sunod na hakbang sa kaligtasan (order of salvation)?** Pagbibigay ng buhay (regeneration), pagtawag (calling), pananampalataya (faith), pagpapawalang-sala't pag-aaring ganap (justification), pagpapabanal (sanctification), pangangalaga (preservation), at pagluluwalhati (glorification).

2. **Paano isinasakatuparan ang kaligtasang ito sa mga makasalanang hinirang?** Si Cristo, na Siyang kaganapan ng ating kaligtasan, ang Siyang mabisang gumaguma nito sa atin sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Tito 3:4-5

3. **Ano ang unang ginagawa ng Espiritu Santo sa puso ng makasalanang hinirang?** Ang pagbibigay-buhay sa patay na kaluluwa, Juan 3:3 "Malibang ang isang tao'y ipanganak na muli ay hindi niya makikita ang kaharian ng Diyos."

4. **Ano ang pagbibigay-buhay (regeneration)?** Ito'y gawa ng Espiritu Santo na kung saan ay inilalagay Niya ang bagong buhay ni Cristo sa puso ng isang makasalanan. Efeso 2:1; Ezekiel 36:26,27; Juan 3:8

5. **Mayroong bang higit sa isang kahulugan ang pagbibigay buhay na sinasabi ng Banal na Kasulatan ukol dito?** Oo, Sinasabi ng Banal na Kasulatan na may pagbibigay buhay sa makitid at malawak na paraan.

6. **Ano ang kahulugan ng pagbibigay buhay sa makitid na paraan?** Ito ang unang paglalagayo pagtatanim ng buhay ni Cristo sa puso ng isang tunay na makasalanan. I Pedro 1:23

7. **Ano naman ang pagbibigay buhay sa malawak na paraan?** Ito'y katumbas ng pagbabagong-loob (conversion) at ito rin ang gawa ng Diyos na kung saan binibigyan ng kaunawaan ang kaisipan, pinalalambot ang kalooban, at inihahatid ang makasalanan sa tunay na pagsisi. I Pedro 1:3

8. **Ano ang pagbabagong-loob?** Ito ang pagpatay/pagpigil sa hilig ng lumang pagkatao na nasa kasalanan at ibuhay/ibihis ang bagong pagkatao kay Cristo, kung saan ang makasalanan ay tumatalikod sa lahat ng kanyang kasamaan at tumatalima sa Diyos. Colosas 3:5, Acts 15:3

9. **Ano ang bunga ng pagbabagong-loob**? Isang buhay na may pasasalamat sa paraan ng pagsunod sa Diyos dahil sa kaligtasan na taglay natin sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo.

10. **Ang makasalanan ba ay nakipagtulungan sa pagbibigay-buhay na ito**? Hinding-hindi; ito ay gawa lamang ng Espiritu Santo. Gawa 16:14

## LESSON 20 Ang Pagtawag (The Calling)

1. **Ano ang kahulugan ng pagtawag (the calling)?** Ito ay gawa ng biyaya ng Diyos kung saan ang isang makasalanan ay tinawag mula sa kadiliman patungo sa kamangha-manghang liwanag ng Diyos. I Pedro 2:9

2. **Paano tinatawag ng Diyos ang Kanyang mga hinirang?** Sa panlabas, ito'y sa pamamagitan ng pangangaral ng Ebanghelyo at sa panloob, ito'y sa pamamagitan ng pagkilos ng Espiritu Santo sa kanilang mga puso. II Timoteo 1:9,10

3. **Ano ang panlabas na pagtawag mula sa Ebanghelyo?** Ito ang walang pagtatanging pagpapahayag ng Ebanghelyo ng iglesya sa pamamagitan ng kanyang mga tinawag at itinilagang mangangaral. Roma 10:13,14

4. **Ano ang panloob na pagtawag ng Espiritu Santo?** Ito ay ang mabisang gawa ng Espiritu Santo kung saan ang katotohanan ng Ebanghelyo ay gumagawa/kumikilos sa puso ng mga tinawag. II Corinto 2:10,12; Efeso 1:18

5. **Sinu ang mabisang tinatawag ng Diyos?** Ang mga hinirang lamang. Roma 8:30, "...at yaong mga itinalaga niya ay kanya namang tinawag..."

6. **Ngunit, hindi ba ang pagtawag sa pamamagitan ng Ebanghelyo ay nakaka-abot din sa iba maliban sa mga hinirang?** Oo, "sapagkat marami ang tinawag, ngunit kakaunti naman ang pinili." Mateo 22:14

7. **Saan ipinapangaral ang Ebanghelyo**? Sa lahat ng taong nais ipaabot ito ng Diyos ayon sa Kanyang sariling kagustuhan.

8. **Ano ang kahalagahan ng pagtawag ng Ebanghelyo para sa mga hinirang?** Ito ay paraan na kung saan ay tinitipon ng Diyos ang Kanyang iglesya mula sa lahat ng bansa sa kalupaan.

9. **Ano ang kahalagahan ng pagtawag ng Ebanghelyo para sa makasalanang itinalaga sa kaparusahan?** Inihahayag nito ang kasamaan ng kanilang mga puso sa kanilang pagtanggi sa Ebanghelyo, at lalung pinabibigat ang kanilang hatol. Mateo 11:24; Juan 8:24

## LESSON 21 Pananampalatayang Nakapagliligtas (Saving Faith)

1. **Ano ang unang bunga ng pagtawag ng Diyos sa puso ng makasalanan?** Ang paggawa ng pananampalatayang nakapagliligtas sa kanya.

2. **Ano ang pananampalatayang nakapagliligtas?** Ito ay isang tiyak na espirituwal na kaalaman at taos-pusong pagtitiwala sa Diyos sa pamamagitan ni Cristo bilang Diyos ng ating kaligtasan. I Pedro 1:21

3. **Ang pananampalaya ba ay higit pa maliban dito**? Oo, ito rin ang paraan kung saan tayo ay idinugtong kay Cristo at tinanggap ang lahat ng Kanyang pagpapala. Juan 15:1-7

4. **Ano ang espirituwal na kaalaman ng pananamplataya**? Ito ay ang kaalaman na lahat ng ipinahayag ng Diyos sa Kanyang Salita ay totoo at ang kaligtasan kay Cristo ay ating pag-aari. Lord's Day 7

5. **Ano ang kumpiyansang hatid ng pananampalataya?** Ito ay ganap na pagtitiwala sa at pananalig kay Cristo bilang kaganapan ng lahat ng ating kaligtasan. Lord's Day 7

6. **Sino ang gumagawa ng pananampalatayang ito sa atin?** Ang Espiritu Santo bilang Espiritu ni Cristo. Efeso 2:8-10

7. **Kanino naman iginagawad ng Diyos ng pananampalatayang ito?** Ang mga hinirang lamang ng Diyos. Roma 8:29, 30

8. **Mayroon din bang mga pananampalatayang gumagaya sa totoong pananampalataya?** Mayroon, tulad ng pananampalatayang nakagagawa ng himala (miraculous faith), pananampalataya sa kasaysayan (historical faith), at pansamantalang pananampalataya (temporary faith).

9. Nakapagliligtas ba ang kahit alin sa mga ito? Hindi, ang kaligtasan ay sa pamamagitan lamang ng tunay na pananampalataya sa Panginoong Jesu-Cristo.

## LESSON 22 Pag-aaring Ganap (Justification)

1. **Ano ang unang bunga ng pananampatayang nakapagliligtas**? Na ang mananampalataya ay pinawalang-sala't inaring ganap ng Diyos.

2. **Ano ang kahulugan ng pinawalang-sala't inaring ganap** (justification)? Ang Justification ay isang mabiyayang hatol ng Diyos kung saan idinideklara Niya na ang hinirang na makasalanan ay matuwid sa harapan Niya. Roma 8:33, 34

3. **Ano ang kaibahan ng justification sa sanctification** (pagpapabanal)? Ang Justification ay paghatol na gawa ng Diyos at pagpapawalang-sala sa atin; ang Sanctification naman ay espirituwal-etikal na gawa ng Diyos na naglilinis ng ating karumihan na dulot ng kasalanan.

4. **Ano ang pinakamalalim na dahilan ng ating justification?** Ang walang hanggang panukala ng Diyos, at ayon dito'y hinirang Niya kay Cristo ang Kanyang bayan at pinag-isa Niya sila kay Cristo. Efeso 1:4

5. **Ano naman ang karapat-dapat na batayan ng ating justification**? Tanging ang ganap na pagsunod ni Cristo bilang Pangulo ng Kanyang bayan. Roma 5:19

6. **Ano ang pinaka-patunay o katibayan ng ating justification?** Ang Pagkabuhay muli ni Cristo, sapagkat ito'y tatak ng Diyos sa ganap na pagsunod ni Cristo sa krus. Roma 4:25

7. **Bakit natin sinasabing tayo'y pinawalang-sala't inaring ganap sa pamamagitan ng pananampalataya?** Sapagkat pananampalataya ang nag-uugnay upang tayo ay maipagkaisa kay Cristo, at sa pamamagitan ng pananampalataya nalalaman natin na tayo'y tunay na pinawalang-sala't inaring ganap.

8. **Tayo nga bay hindi pinawalang-sala't inaring ganap sa pamamagitan ng ating mga gawa sa anumang paraan?** Hindi, sapagkat lahat ng ating mga mabubuting gawa ay bunga ng pagkilos ng Diyos sa atin. Tito 3:5; II Timoteo 1:9; Filipos 2:13; II Tesalonica 2:13

9. **Ano ang mga pagpapalang kalakip ng justification**? Kapatawaran ng kasalanan, ganap na katuwiran, kayapaan sa Diyos, pagiging anak ng Diyos, at karapatan sa buhay na walang hanggan. Awit 32:1; Roma 5:1; 8:15-17

## LESSON 23 Pagpapabanal (Sanctification)

1. **Ano ang sanctification o pagpapabanal**? Ito'y gawa ng Diyos kung saan tayo'y hinango mula sa kapamahalaan at karumihan ng kasalanan at binabago ayon sa larawan ni Cristo. I Tesalonica 5:23

2. **Ano ang relasyon ng justification at sanctification?** Ang justification ay ang batayan ng ating sanctification, upang sa gayon ang isa ay hindi maaaring maging totoo kung wala din ang isa. Tito 2:14

3. **Ano ang kaibahan ng justification sa sanctification (pagpapabanal)?** Ang Justification ay paghatol na gawa ng Diyos at pagpapawalang-sala sa atin; ang Sanctification naman ay espirituwal-etikal na gawa ng Diyos na naglilinis ng ating karumihan na dulot ng kasalanan.

4. **Paano isinasakatuparan ang gawang ito ng Diyos sa mananampalataya?** Sa pamamagitan ng Espiritu ng niluwalhating si Cristo, na Siyang naglilinis sa atin ng lahat ng ating mga kasalanan. II Tesalonica 2:13

5. **Ang mananampalataya ba ay ginawang ganap na banal sa buhay na ito?** Hindi, kahit na ang pinakabanal na mga anak ng Diyos ay mayroon lamang maliit na panimula ng bagong pagsunod. Isaias 64:6; Filipos 3:12; Roma 7:18

6. **Paano makikita ang pagpapabanal na ito sa buhay ng isang mananampalataya?** Ang mananampalataya ay patuloy na kinamumuhian at tinatalikuran ang kasalanan, at nagsisimulang mamuhay ng naaayon sa kalooban ng Diyos sa lahat ng mabubuting gawa. Lord's Day 33

7. **Ano ang mga mabubuting gawa?** 'Yun lamang mga mabubuting gawa na nagbubuhat sa isang tunay na pananampalataya, ginawa ayon sa Kautusan ng Diyos, at nakatuon para sa Kanyang kaluwalahatian. Roma 14:23

8. **Ang isang Cristiano ba ay dapat gumawa ng mabuti?** Dapat, sapagkat ang mabubuting gawa ang layunin ng kanyang kaligtasan, upang ang Diyos ay mawalhati sa kanya; at kapag walang kabanalan ay imposibleng makita ang Panginoon. Mateo 5:16; Hebreo 12:14

9. **Ano ang relasyon sa pagitan ng sanctification at preservation?** Sila na mga pinapabanal ng Panginoon ay Kanya ring iniingatan sa kabanalan hanggang sa kanilang ganap na kaligtasan. Juan 10:27-29; I Pedro 1:5

## LESSON 24 Ang Iglesya (The Church)

1. **Ano ang iglesya?** Ang iglesya ay ang hinirang na katawan ni Cristo, na nahayag sa lupa bilang mga kinalap na hinirang na mananampalataya at ang kanilang mga anak. Efeso 1:23; I Pedro 2:9

2. **Paano kinalap ang iglesya?** Kinakalap ni Cristo ang Kanyang iglesya sa pamamagitan ng Kanyang Salita at Espiritu. Efeso 5:26, 27; Efeso 2:13-17

3. **Sa anong paraan makikilala ang iglesya?** Ang iglesya ay kilala bilang "church militant" dito sa lupa, "church triumphant" naman sa langit at "church latent" na ipapanganak pa lang sa hinaharap.

4. **Paano makikilala ang "church militant" dito sa lupa?** Bilang isang iglesyang nakikita "church visible" at iglesyang hindi nakikita "church invisible"

5. **Ano ang kahulugan ng "church visible"?** Ang iglesya bilang nahayag sa sanlibutan, para sa ministeryo ng Salita at ng mga Sakramento at para sa pagpapahayag at pamumuhay ng kanyang mga miyembro.

6. **Ano ang kahulugan ng "church invisible"?** Ito ang iglesya mula sa aspeto ng kanyang panloob na espirituwal na buhay ng kapanganakang-muli, pananampalataya at iba pang mga pagpapala ng kaligtasan.

7. **Ano ang mga tanda ng tunay na iglesya?** Ang tapat na pangangaral ng Salita ng Diyos, ang tamang pamamahala ng mga sakramento, at pagpapatupad ng disiplinang Cristiano. Juan 8:31, 47

8. **Ano ang tawag sa mga opisina na itinalaga ni Cristo sa Kanyang iglesya dito sa lupa?** Ang mga ito ay: Pastor, elder at deacon. Gawa 6; Efeso 4:11, 12

9. **Anu-ano ang mga susi ng kaharian?** Ang pangangaral ng Salita at pagpapatupad ng disiplinang Cristiano, na sa pamamagitan ng mga ito ang pintuan ng kaharian ay bukas o sarado para sa mga mananampalataya at hindi-mananampalataya. Juan 20:23

10. **Sino ang kabilang sa "church visible" dito sa lupa?** Lahat ng nagpapahayag ng kanilang pananampalataya na namumuhay ayon sa kanilang kapahayagan, at gayon din ang kanilang mga anak. Gawa 2:39; Gen.17:7

## LESSON 25 Ang mga Pamamaraan ng Biyaya (The Means of Grace)

1. **Ano ang kahulugan ng "means of grace" o pamamaraan ng biyaya?** Pamamaraan na ginagamit ng Banal na Espiritu upang ganapin sa atin ang kaligtasan na inihanda ng Diyos kay Cristo.

2. **Ano ang mga pamamaraan ng biyaya?** Ang Pangangaral ng Salita at Pagpapatupad ng mga Sakramento.

3. **Paano ang Pangangaral ng Salita ay isang pamamaraan ng biyaya?** Sa pamamagitan ng Pangangaral, ang mga hinirang ay tinatawag sa pananampalataya at napapangalagaan sa espirituwal, upang sila'y lumago sa biyaya ng Diyos. Roma 10:17; I Pedro 2:2

4. **Anu-ano ang mga Sakramento?** Ito'y ang mga nakikitang tanda at tatak ng Tipan ng Biyaya na itinatag ng Diyos para sa Iglesya, kung saan ang pananampalataya ng mga hinirang ay pinapapalakas. Genesis 17:7; Colosas 2:11,12

5. **Paano ang mga Sakramento ay pamamaraan ng biyaya?** Sinasagisag nila at pinapagtibay nito ang Katuwiran na nakay Cristo.

6. **Ilang Sakramento ang itinatag ng Diyos para sa Iglesya ng bagong tipan?** Dalawa: Ang Banal na Bautismo at Banal na Hapunan ng Panginoon.

7. **Paano ang Banal na Bautismo ay isang tanda?** Ang pagwiwisik ng tubig ay sumasagisag sa paghuhugas ng ating mga kasalanan sa pamamagitan ng dugo ng ating Tagapagligtas. I Pedro 3:21

8. **Paano ang Banal na Hapunan ng Panginoon ay isang tanda?** Ang pinagputol-putol na tinapay at binuhos na alak ay sumasagisag sa inialay na katawan at sa dugong ibinuhos ni Cristo, na sa pamamagitan nito, tayo'y napapalakas at napapakain. I Corinto 11:26

9. **Ano ang pinagtitibay ng mga Sakramento?** Na ang mga mananampalataya sa pamamagitan ng pananampalataya ay matuwid sa harapan ng Diyos kay Cristo.

10. **Ang mga Sakramento ba'y biyaya para sa lahat ng mga tumatanggap nito?** Hindi, ito'y biyaya lamang para sa mga tumanggap nito sa pamamagitan ng isang tunay at buhay na pananampalataya.

## LESSON 26 Bautismo (Baptism)

1. **Ano ang itinuturo ng bautismo bilang tanda at tatak?** Ang paghuhugas ng mga kasalanan sa pamamagitan ng dugo ng Panginoong Jesu-Cristo. Gawa 2:38

2. **Sino ang dapat na tumanggap ng bautismo?** Lahat ng mga nasa hustong gulang na mananampalataya na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at nagpahayag ng kanilang pananampalataya kay Cristo, at maging ang kanilang mga anak.

3. **Bakit kailangang bautismuhan rin ang mga sanggol?** Sapagkat sila'y kabilang rin sa Tipan ng Biyaya gaya ng mga mananampalatayang nasa hustong gulang. Genesis 17:7; Gawa 2:39

4. **Sa papaanong paraan sila napasama sa Tipan?** Sapagkat itinatag ng Diyos ang Kanyang tipan sa lahi ng nagpapatuloy na mga generasyon. Genesis 3:15; 17:7; Gawa 2:39

5. **Patunayan sa Biblia na itinatatag ng Diyos ang Kanyang tipan sa lahi ng nagpapatuloy na mga generasyon.** "Aking itatatag ang aking tipan sa iyo at sa iyong binhi kahit sa iyong pagkamatay sa buong lahi nila, isang tipang walang hanggan, upang maging Diyos mo at ng iyong binhi." Genesis 17:7

6. **Sino ang (mga) binhi ni Abraham?** Lahat ng mananampalataya, sapagkat si Abraham ay tinawag na ama ng lahat ng sumasampalataya. Roma 4:12,16; Galacia 3:9

7. **Ang lahat ba ng batang nabautismuhan ay hinirang?** Hindi, sapagkat hindi lahat ng buhat sa Israel ay kabilang sa Israel. Roma 9:6

8. **Kung gayon, hindi ipinagkakaloob ng Diyos ang Kanyang ipinagtitibay sa bautismo?** Mali, sapagkat ang bautismo gaya ng tuli ay pinagtitibay ang katuwiran na matatamo lamang sa pamamagitan ng pananampalataya. Roma 4:11

9. **Ano ang pananagutan pagkatapos na mabautismuhan?** Mahalin natin ang Panginoon na ating Diyos ng may buong puso at mamuhay ayon sa isang binago at banal na buhay.

## LESSON 27 Ang Banal na Hapunan ng Panginoon (The Lord's Supper)

1. **Ano pa ang ibang sakramento na idinagdag sa bautismo?** Ang Banal na Komunyon o ang Banal na Hapunan ng Panginoon.

2. **Kailan itinatag ng Panginoong Jesu-Cristo ang sakramentong ito?** Noong kumain Siya ng huling Paskuwa kasama ang Kanyang mga alagad nang gabi na Siya'y ipagkanulo. I Corinto 11:23

3. **Anu-ano ang mga sagisag ng Banal na Hapunan ng Panginoon?** Ang pinagpira-pirasong tinapay at alak na ibinuhos. I Corinto 11:24,25

4. **Ano ang mga sinasagisag ng tinapay at alak?** Sinasagisag nito ang katawang inialay at dugong ibinubo ni Cristo sa krus, kung saan ito rin ang pinantubos ni Cristo para sa ating mga kasalanan. I Corinto 11:26

5. **Paanong ang presensya ni Cristo ay nasa tinapay at alak ng Banal na Hapunan?** Siya ay espirituwal na naroroon sa pamamagitan ng Kanyang biyaya at Espiritu sapagkat ang tinapay at alak ay sagisag at tatak ng Kanyang katawan at dugo. I Corinto 10:16

6. **Paano naman nakakain at naiinom si Cristo sa Banal na Hapunan ng mga tumatanggap nito**? Sa espiritwal din na paraan, at sa pamamagitan lamang ng isang tunay at buhay na pananampalataya.

7. **Sinu-sino ba ang dapat tumaggap ng Banal na Hapunan?** Lahat ng mga nabautismuhang Cristiano na nagpahayag ng kanilang pananampalataya at pamumuhay bilang mga tunay na mananampalataya.

8. **Ano ang dapat nating gawin bago tayo tumanggap ng Banal na Hapunan?** Dapat munang tamang saliksikin natin ang ating mga sarili kung tayo ba ay nararapat na makibahagi sa Banal na Hapunan. II Corinto 11:28

9. **Ano ang dapat nating saliksikin sa ating mga sarili?** Tatlong bagay: kung tayo'y tunay na nagsisisi sa ating mga kasalanan; kung tayo'y tunay na sumasampalataya na ang ating mga kasalanan ay pinatawad na kay Cristo; at kung ang ating pananampalataya ba'y nahahayag sa paglakad sa kabanalan. II Corinto 13:5

## LESSON 28 Ang Kamatayan ng mga Mananampalataya (The Death of Believers)

1. **Dapat bang mamatay ang lahat ng tao?** Oo, maliban lamang sa mga mananampalataya na nabubuhay pa sa panahon ng pagbabalik muli ng Panginoong Jesu-Cristo. Awit 89:48; I Tesalonica 4:17; Hebreo 9:27

2. **Ano ang mangyayari sa kamatayan ng masama?** Sila ay mahihiwalay sa lahat ng mga bagay sa buhay na ito at paparoon sa walang hanggang impiyerno. Lucas 16:22,23

3. **Subalit bakit kailangan ding mamatay ang mga mananampalataya?** Ang huling bagay na nag-uugnay sa kanila sa mga bagay na makasalanan at nabubulok ay dapat na maputol.

4. **Hindi ba sila maaring pumaroon kaagad sa kaluwalhatian taglay ang katawan at kaluluwa?** Hindi, sapagkat kailangang hintayin ang muling pagbabalik ni Cristo upang itayong (buhaying) muli ang kanilang mga katawan at gumawa ng bagong langit at bagong lupa.

5. **Ano ang mahihiwalay sa mga mananampalataya kapag sila ay namatay na?** Ang kanilang bagong pagkatao kay Cristo ay mahihiwalay mula sa kanilang makalupang katawan at sa kanilang lumang pagkatao na makasalanan. II Corinto 5:1

6**. Saan sila tutungo kapag namatay na sila?** Kaagad-agad silang paroroon sa isang kalagayang alam nila na mawalhati sa piling ni Cristo sa kalangitan.

7. **Anong patunay na nasa Bibla para dito?** Sinabi ni Jesus sa nagsising magnanakaw sa krus, "Katotohanang sinasabi ko sa iyo, ngayon ikaw ay makakasama ko sa Paraiso." Lucas 23:43

8. **May iba pa bang mga patunay?** Oo, si Asaf ay umasam na siya'y pupunta sa kaluwalhatian pagkatapos ng kamatayan, Awit 73:24,26; at alam ni Pablo na siya makakasama ni Cristo sa kanyang pagkamatay, Filipos 1:23

## LESSON 29 Ang Ikalawang Pagparito ni Cristo (The Second Coming of Christ)

1. **Papaano darating ang pagwawakas ng mundong ito?** Sa pamamagitan ng pangalawang pagbabalik ng Panginoong Jesu-Cristo. Apoc. 1:7

2. **Kailan muling babalik ang Panginoon?** Ang araw at oras ay hindi natin alam, subalit ang lahat ng bagay na inihayag ay dapat munang matupad alinsunod sa itinakda ng Diyos. Mateo 24:36; Marcos 13:32

3. **Alam ba natin ang mga bagay na dapat munang matupad bago dumating ang Panginoon?** Alam natin sa pangkalahatan lamang, sapagkat Diyos ang naghayag ng mga ito sa atin upang sa gayon tayo ay makapagbantay at makapagpanalangin.

4. **Paano ipinahayag ng Diyos ang mga bagay na ito sa atin?** Ipinihayag Niya sa atin sa Banal na Kasulatan ang mga tanda ng muling pagbabalik ni Cristo.

5. **Magbigay ng ilang mga tanda na makikita sa sangnilikha**. Taggutom, salot, at mga lindol sa maraming lugar. Mateo 24:7

6. **Magbigay ng ilang mga tanda na makikita sa Iglesya**. Ang Ebanghelyo ay dapat na maipangaral sa buong daigdig; magkakaroon ng matinding pagtalikod sa pananampalataya; at ang Iglesya ay uusigin. Mateo 24:9-14, 16-23

7. **Magbigay ng ilang mga tanda na makikita sa kasaysayan ng daigdig.** Magkakaroon ng matinding kasamaan, at ang Anticristo ay maghahari sa buong sanlibutan. II Tesalonica 2:7; Apocalipsis 13

8. **Paano muling babalik si Cristo?** Siya ay tiyak na babalik ng personal at sa katawan, makikita ng lahat, at taglay ang dakilang kapangyarihan at kaluwalhatian. Mateo 24:30; I Tesalonica 4:16

9. **Ano ang atas sa Iglesya habang siya'y naghihintay para sa muling pagbabalik ni Cristo?** Magbantay at manalangin at mamuhay sa pag-asang taglay sa kanyang ganap na kaligtasan. II Pedro 3:13,14

## LESSON 30 Ang Pagwawakas ng Panahong Ito (The End of this Age)

1. **Ano ang mangyayari sa pagdating muli ng Panginoon?** Ang pagbabangon ng mga namatay, ang huling paghuhukom, at ang pagbabago sa lahat ng mga bagay.

2. **Sinu-sino ang mga ibabangon muli mula sa mga patay?** Lahat ng mga namatay, ang maka-Diyos para sa pagbangon sa buhay na walang hanggan, at ang di-maka-Diyos para sa pagbangon sa walang hanggang impiyerno. Juan 5:28,29

3. **Sa anong katawan tayo ibabangon muli?** Sa isang katawang espirituwal na taglay ang walang-kabulukan, kaluwalhatian, at kapangyarihan. I Corinto 15:42,43

4. **Sino ang haharap (tatayo) sa paghuhukom?** Lahat ng may pag-iisip at moral na mga nilalang: mga tao, mga anghel, at mga dimonyo. Mateo 25:32; II Corinto 5:10; 6:2,3; Apocalipsis 20:12-15

5. **Ano ang kaparusahan para sa mga masasama**? Walang hanggang pagdurusa ng katawan at kaluluwa sa impiyerno. Mateo 25:41,46.

6. **Ano naman ang gantimpala para sa mga hinirang ng Diyos?** Buhay na walang hanggan at kaluwalhatian sa presensya ng Diyos sa kalangitang ganap. Apocalipsis 21:3

7. **Mayroon bang iba't-ibang antas ng kaparusahan at gantimpala?** Oo, sapagkat ang lahat ay hahatulan ayon sa kanyang mga ginawa. Lucas 19:17; I Corinto 3:8

8. **Ang kasalukuyan bang daigdig ay wawasakin?** Oo, inaasahan natin ang isang bagong langit at bagong lupa kung saan ang katuwiran ay mananahan. II Pedro 3:10-13

9. **Anong pagpapalang hatid ng bagong langit at bagong lupa?** Ang makapamuhay ng walang kasalanan sa pagpapala ng walang hanggang Tipan ng Biyaya ng Diyos. Apocalipsis 21